

CHAPTER *One*

“It feels good to be home.” Huminga nang malalim si Sherry para punuin ang dibdib niya ng hanging matagal-tagal niya ring pinangulilaan dahil sa isang taong pangingibang-bansa.

Sa loob ng napakaraming taon ay pinangarap niyang maging OFW at natupad na niya iyon. Ilang taon din ang ginugol niya para maabot iyon. Ganoon kasi talaga siya. Once she had set her mind to something, she wouldn't back out without a good fight. Ang kakatwa, doon niya napatunayan ang kasabihang hindi lahat ng gusto mo ang makakapagpasaya sa iyo.

Habang nagtatrabaho siya sa Kuwait bilang nurse ay hindi niya naranasan ang ma-homesick na kadalasang idinaraing ng karamihan. Sa awa ng Diyos ay nabiyayaan siya ng mga kaibigan doon

na para na niyang kapamilya. Ganoon pa man, doon mas tumatak sa utak niya na matanda na ang kanyang ina. Nasa edad animnapu't walo na ito. Hindi niya iyon masyadong napagtuunan ng pansin noon dahil naka-focus siya sa pangarap niya na alam niyang pangarap din ng kanyang ina para sa kanya.

Pero aanhin nga ba niya ang mas malaking sweldong maibibigay ng pangigingbang-bansa kung hindi rin iyon ma-e-enjoy ng pinakamamahal niyang ina? Kung hindi na kayanin ng mga tuhod nito ang pamamasyal kasama siya?

Her family may not be the sweetest because her mother rarely showed any emotion, but Sherry knew how much she loved her. Matagal nang balo ang kanyang ina. Dalawang taon lang siya nang pumanaw ang kanyang ama. Apat silang magkakapatid kaya lubos na nahirapan ang kanilang ina sa pagpapalaki sa kanila. Alam niyang pinilit nitong maging matatag at matapang. Dahil doon kaya tila naging matigas din ang puso nito. Pero batid nilang magkakapatid na kahit ganoon ay mahal na mahal sila ng kanilang ina.

At ngayon, nais ni Sherry na gawing masaya ang bawat sandali ng ginang sa mundo habang kaya pa ng katawan nitong i-appreciate ang kagandahan niyon.

Marami ang nagtanong at nagtaka sa kanyang desisyong umuwi. Hindi kasi lubos maisip ng mga ito na bibitawan na niya ang matagal na niyang pinangarap.

Ramdam ni Sherry na wala siyang pagsisisihan.

She had already reached self-actualization in that aspect of her life and she was extremely grateful. It was time to make her mama happier. Hindi bale nang hindi sila nito nagsasabihan ng *I love you* o nagyayakapan. This time, she'd really make sure to make her mother feel loved.

Malawak ang ngiti sa mga labi niya habang lulan ng taxi pauwi. Sinadya niyang hindi sabihin sa ina at mga kapatid na uuwi na siya nang araw na iyon dahil gusto niyang sorpresahin ang mga ito. Baka kasi iyon na ang una at huling pagkakataon na maaari niyang gawin iyon dahil nga mukhang hindi na niya papangarapin pang magtrabaho sa ibang bansa.

“Susmeng bata ka!” Napatakip sa bibig na hiyaw ng ina niya nang mapagbuksan siya nito ng pinto.

Malapad ang ngiti niya rito. Inabot niya ang kamay nito. “Mano po, Ma.”

Hinampas siya nito sa braso saka binuksan nang mas malawak ang pinto. “Hindi ka man lang nagpasabi na ngayon pala ang uwi mo.” Tinawag nito ang isa niyang kapatid para ipasok ang malaki niyang maleta.

Ngingiti-ngiti lang siya habang tinitingnan itong tila sinilihan ang puwet dahil sa biglaan niyang pagdating.



“Hay...Sarap!” aniya habang nakahiga sa kanyang kama. Agad niyang niyakap ang kanyang

unan saka pinupog iyon ng halik na tila ba miss na miss niya rin ito. Lahat yata ng parte ng kwarto niya ay na-miss niya. Nagniningning ang kanyang mga mata habang inililibot ang tingin sa paligid. Napapangiti siya sa sarili.

Mayamaya ay inabot ni Sherry ang kanyang cellphone saka nag-upload ng picture nila ng kanyang ina sa *Facebook*. Inilagay niya iyon sa album na pinamagatan niyang *Ang Pagbabalik...* Pagkatapos ay iniwan na niya ang cellphone sa kama at saka tinungo ang kanilang banyo para maligo. Gusto niyang presko siya bago magpahinga. Pakiramdam kasi niya ay nanlalagkit na siya dahil sa halos sampung oras na biyahe mula Kuwait hanggang Manila at halos dalawang oras na mula Manila papuntang Davao.

Pagkalabas ng banyo ay napatingin si Sherry sa kanyang cellphone dahil umiilaw iyon. Nang tingnan niya ay napakarami na palang likes at comments sa picture na in-upload niya. Napangiti siya nang mabasa ang ilang comments doon.

Bahagyang napaangat ang mga kilay niya nang makitang isa sa mga nag-like niyon ay ang kapatid na lalaki ng kaibigan niyang si Jeddah na naging kasamahan din niya sa Kuwait.

Matagal na siyang in-add nito sa *Facebook*. Siguro nasa anim na buwan pa lang siya sa Kuwait nang makatanggap siya ng Friend Request mula rito. Gayunman, hindi ito nagmi-message sa kanya. Panay

likes lang ito sa iilang pictures na ina-upload niya. Sa isip niya ay baka gusto lang nitong maging kaibigan sa *Facebook* ang isa sa mga kaibigan ng kapatid nito na nasa Kuwait din, for emergency purposes. Napakibit-balikat siya at itinuloy na ang pagbibihis.



Ngingiti-ngiti si Sherry habang nagpipindot sa cellphone nang gabing iyon. Ka-chat niya sina Anabai, Erika at Jeddah sa group chatbox nilang pinangalanan niyang *3&1*. Excited nilang pinaguusapan ang pagpunta niya sa probinsya nina Jeddah sa Laguna sa nalalapit nitong pagbabakasyon sa Pilipinas. Sa Kuwait pa lang kasi ay ipinagmamalaki na ni Jeddah sa kanila ang *hacienda* raw ng pamilya nito na ang pamilya lang naman nito ang nakakaalam. Inimbitahan nito silang tatlo nina Anabai at Erika na bumisita roon, pero dahil nga sa nauna na siyang umuwi sa mga ito ay mauuna na rin siyang pumunta roon kesa sa dalawa.

Natigil sa pagta-type si Sherry nang mabasa niya ang notification na nag-chat sa kanya ang kapatid ni Jeddah na si Jefferson. Hindi niya inaasahan iyon. Akala niya ay wala itong planong makipag-usap sa kanya at gusto lang talaga nitong magkaroon ng access sa isa sa mga kaibigan ng kapatid nito sa Kuwait.

Nang buksan niya ang chatbox ay simpleng “Hi” lang ang ipinadala nito.

Kumibot ang kanyang labi. Mayamaya pa ay ni-reply-an na niya ito.

Hi rin po, Kuya.

Kumusta na?

Okay lang naman po. Heto, nasa Pinas na.

Nagbakasyon ka na pala.

Ay hindi po. Umuwi na po talaga ako.

Hindi ka na babalik ng Kuwait?

Ganoon na nga po. Tinapos ko lang ang isang taon ko doon.

Bakit naman?

Hindi inaasahan ni Sherry na magiging mahaba ang usapan nila. Ang pagkakaalam kasi niya base sa mga kwento ni Jeddah ay mahiyain ang kapatid nitong si Jefferson.

Nang mabanggit niya sa kaibigan ang pag-chat ng binata sa kanya ay pahapyaw siyang tinukso nito. Baka raw type siya ng kuya nito. Binale-wala niya lang iyon. Sa isip niya ay baka nakikipagkaibigan lang talaga ito.

Pero sa pakikipag-chat nito nang mga sumunod na araw ay kinabahan na siya.

Kumusta?

Okay naman po, Kuya.

Grabe naman ang Kuya.

Bahagyang kumunot ang noo ni Sherry dahil doon.

Eh Kuya ka po ni Jeddah, di po ba?

Oo nga, pero huwag mo na lang akong tawaging Kuya.

Eh nakakahiya naman po. Baka po sabihin n'yo wala akong respeto sa nakakatanda.

Mas gugustuhin ko na iyon. Pakiramdam ko kasi ay nananakit ang tuhod ko kapag tinatawag mo 'kong Kuya eh.

O siya, sige po. Kayo pong bahala.

Ang ganda mo, 'no?

Napaayos ng upo si Sherry nang mabasa iyon. Kung hindi niya inaasahan ang pag-cha-chat nito sa kanya, mas hindi niya inaasahan ang pagiging direkta nito.

Mali yata nang pagkaka-describe si Madam sa kapatid niya? sabi niya sa isip.

Ang tinutukoy niyang *Madam* ay si Jeddah. Napagkatuwaan nilang gawing tawagan iyon dahil iyon ang tawag nila sa mga pasyente nilang Arabo sa Kuwait.

Ah, thank you po.

Iyon na lamang ang isinagot niya kay Jefferson kahit nagsisimula nang uminit ang mga pisngi niya dahil sa kakatwang hiya na naramdaman. Hindi naman usually ganoon ang nararamdaman niya kapag may pumupuri sa kanya. Pero dahil sa kaalamang hindi nga raw maimik ang kapatid na ito ni Jeddah, doble ang naging epekto ng pagpuri nitong iyon sa pakiramdam niya.

I hope you don't mind kung magka-crush sa 'yo ang isang may katandaang katulad ko.

“Hala...” Napatutop si Sherry sa bibig. Mayamaya ay napatayo na rin siya saka nagparoo't parito sa loob ng kwarto. “Ba't ang sabi ni Madam ay mahiyain daw? Hindi kaya ibang tao 'tong ka-chat ko? Baka na-hack ang *Facebook* account niya?” Naglalakad pa rin siya, paroo't parito.

Hindi ka na nakasagot diyan. Huwag sanang sumama ang loob mo. Nagsasabi lang naman ako ng totoo.

“Naku, naku, naku! Ba't ganito magsalita 'to? Ano'ng sasabihin ko?” Namomroblemang napaupong muli sa gilid ng kama si Sherry saka pinakatitigan ang cellphone niya.

He had caught her by surprise. Hindi talaga niya akalaing mauuwi sa ganito ang pag-a-add nito sa kanya sa *Facebook*. Inaamin niyang sumagi sa isipan niya noon na subukan itong tulungan sa pagmo-move-on mula sa huling naging karelasyon nito pero hindi niya talaga sineryoso iyon. Inatake lang siya ng *gandang-ganda sa sarili* attitude kaya siya nakapagbiro nang ganoon.

Parang na-challenge kasi siya nang ikuwento ni Jeddah sa kanila ang istorya ng *buhay pag-ibig* ng kapatid nito. Idagdag pang nagka-crush siya rito nang makita niya ito sa airport at nang mas mapagmasdan niya ang hitsura nito nang i-add siya nito sa *Facebook*. May pagka-serious type kasi

ang dating nito at isa iyon sa madalas matipuhan ni Sherry sa mga lalaki.

Sa huli, napagtanto niyang mali ang motibong iyon para makipagmabutihan. Ayaw rin niyang maging panakip-butang lang kung sakali. Kaya ngayon ay hindi niya malaman kung papaano sagutin ang sinabi nito.

Ah, thank you po.

Iyon na lamang ang ini-reply niya rito.

Nakita ko na lahat ng profile pictures mo. Ang ganda mo talaga.

Slight lang naman po.

Dinama ni Sherry ang kanyang mga pisngi dahil sa pag-iinit niyon.

Hindi. Maganda kang talaga. Sana makita kita in person.

Nagkita na po tayo sa airport, ah.

Iyon ang panahong nagkakilala silang tatlo nina Erika at Jeddah sa NAIA.

Taga-Davao silang dalawa ni Erika samantalang taga-Laguna naman si Jeddah. Sabay silang tatlong lumipad patungong Kuwait nang gabing iyon. Inihatid si Jeddah ng mga magulang nito pati na rin ng kuya nito at doon nga sila nagkita.

Oo nga, naaalala ko pa iyon. At doon pa lang napansin na kita. Kaya lang ay saglit lang iyon. Sana iyong medyo mahaba-habang panahon.

Napalunok siya bago nag-reply. ***Inimbitahan***

nga po ako ni Jeddah na pumunta sa inyo sa bakasyon niya.

Talaga? Sa susunod na buwan na ang bakasyon ni Jeddah ah. Sa birthday ko ba ikaw pupunta rito?

Hmm...Ang sabi ni Jeddah ay sa Biyernes na lang daw ang party at sabay na rin sa anniversary nila ng boyfriend niya. Kaya sa Thursday po ako makakarating.

Di na lang sinakto sa birthday ko. Wednesday na lang sana.

Baka po kasi maumay na kayo sa pagmumukha ko kung masyadong mahaba ang pag-i-stay ko sa inyo. :D

Pa'nong mauumay eh kung pwede nga lang hatakin ko na ang kalendaryo at nang dumating na ang susunod na buwan para nandito ka na?

Napangiti si Sherry pero hindi na niya mawari kung papaano sagutin ang mga hirit nito. Ngayon pa lang kasi ay nai-imagine na niyang magiging awkward ang pagpunta niya sa mga ito dahil sa pagpaparamdam nito sa kanya.

“Sana kasi hindi ka muna nagpapansin ngayon, Kuya. Sana in person na lang para isang bagsakan na. Nahihiya na tuloy ako nang bongga. Kuuu!” sabi pa niya habang nakahiga sa kama at nakadekwatro paitaas ang mga binti. Pero pangiti-ngiti siya habang binabasang muli ang mga chat nito.

Hindi ka na naman sumagot. Nami-miss kita agad

kapag ganyang hindi ka nagre-reply ay.

Lalo pang lumawak ang pagkakangiti ni Sherry dahil doon. Naalala kasi niya ang tono ni Jeddah kapag nagsasalita. Tunog Batangueño ito, siguro dahil magkalapit lang ang Laguna at Batangas. At natatawa siya sa nai-imagine na tono ng kuya nito sa pagkakasabi nito ng *ay* sa dulo ng salita.

Medyo nahihiya lang po kasi.

Ako nga dapat ang mahiya. Kaya pasensya na, ha? Hindi ko lang talaga mapigilan.

Nagtataka nga po ako at ang sabi ni Madam Jeds sa 'kin ay mahiyain ka raw.

Ganoon na nga. Eh parang tinamaan yata ako sa 'yo eh.

“Susme, ang bilis!” Napabalikwas nang bangon si Sherry sa kama. Agad siyang nag-message kay Jeddah.

Madam! Ako'y kinakabahan sa Kuya mo ay!

Bakit?

Ang bilis!

Pano'ng mabilis?

Tinamaan daw siya sa 'kin! Ba't sabi mo mahiyain?

Hahaha! Hala ka diyan! Ano'ng sabi mo?

Aba eh hindi ko na nireplyan at di ko na alam ang sasabihin.

Ganda mo, Madam! Di ba sabi ko sa 'yo pihikan

iyang? Kaya ang ganda-ganda mo talaga, Madam, super! Ang haba ng hair! Abot hanggang dine sa Kuwait ay! Hahaha!

Hayup naman oo. Pa'no 'to?

Aba malay ko sa inyo. Matatanda na kayo. Bahala na kayo sa mga buhay n'yo.

May message ulit galing kay Jefferson. Dumoble tuloy ang bilis ng tibok ng kanyang puso.

Sinasabi ko naman sa 'yo huwag kang masyadong nagpapa-miss.

Kuya, wala naman pong ganyanan. Ang bilis n'yo po. May lakad po ba kayo?

Oo, papunta sa puso mo.

Natawa na nang tuluyan si Sherry sa hirit nitong iyon at hindi pa rin humuhupa ang bilis ng tibok ng puso niya.

Naka-ilang shots na po ba kayo?

Biniro na lamang niya ito para pawiin ang pagkapahiya.



Napangiti si Jefferson sa reply ni Sherry sa kanya. Mukhang mabilis ang radar nito.

Hindi ako lasing. Nagpapaantok lang.

Itulog n'yo na po iyan at baka antok na nga lang iyan.

Alam ko naman ang mga sinasabi ko. Makikita mo kapag napunta ka dito sa 'min ay hindi ka na

makakauwi.

Naku Kuya, huwag po!

Napahalakhak na siya. May kakulitan pala ito.

O siya, sige na. Matulog ka na't madaling araw na nga. Salamat sa oras mo.

Sige po. Nawa'y mahimasmasan na po kayo bukas pagkagising n'yo.

Oo, pagkatapos ay mas masisiguro kong gusto nga kitang talaga.

Ay, sige po good night na po talaga.

Napabuga ng hangin si Jefferson habang napapangiti. Inipit na niya sa ilalim ng unan ang kanyang cellphone.

Tama ang pagkakakilala ni Sherry sa kanya. Totoong mahiyain talaga siya. Kaya nga gabi kung mag-chat siya rito dahil nakainom na siya ng kahit isang bote ng beer noon. Kung hindi ay nungcang magkalakas-loob siyang i-chat ito.

Ang tagal na nga niya itong in-add sa *Facebook* pero hindi niya ito na-*message* agad. Dahil nga nahihiya siya. Pero nitong huli ay nangangati na talaga ang mga daliri niyang i-chat ito. Kaya pinagbigyan na niya ang sarili. Iyon nga lang ay kinakailangan pa niyang uminom ng beer bago magawang mag-send ng message dito. At ngayon pa lang ay sobrang na-e-excite na siya sa kaalamang makikita niya itong muli.

CHAPTER *Two*

Sa airport pa lang noon nang ihatid nila ang kapatid niyang si Jeddah ay napansin na ni Jefferson si Sherry. At magmula noon ay nakaabang na siya sa bawat picture na ina-upload ng kapatid niya na kasama ito. Lagi-lagi na ay *zino-zoom in* niya ang picture para mas matitigan ang dalaga. Hindi niya alam kung love at first sight ang tawag doon. Hindi naman kasi siya eksperto sa larangan ng pag-ibig.

Minsan lang sa buhay niya siya nagmahal. At ang huli nga ay inabot ng anim na taon. Limang taon na rin ang nakakaraan nang maghiwalay sila ng ex niya pero hanggang ngayon ay single pa rin siya. Naging negatibo na kasi siya pagdating sa pag-ibig. Nakakapagod isiping masaya ka ngayon pero hindi mo sigurado kung magtutuloy-tuloy ba

hanggang bukas ang kasiyahang iyon. Hindi rin biro ang sakit na mararamdaman mo kapag nabigo ka sa pag-ibig. Lalo't anim na taon ang kinailangan niyang palampasin dahil sa kabiguang iyon. Kahit sa buhay nga niya ay tila nawalan na rin siya ng gana.

Isa rin siyang OFW noon. Mekaniko siya sa isang autoshop. Pero hindi na siya nag-renew ng kontrata niya dahil sa pakikipaghiwalay ng girlfriend niya noon. Sa isip kasi niya ay baka maisalba pa niya ang kanilang relasyon sakaling tumigil na siya sa pag-a-abroad. Iyon kasi ang sinabing dahilan ng ex niya kung ba't ito nakipaghiwalay. Na-fall-out of love daw ito sa kanya dahil nahirapan ito sa long distance relationship. Hindi naman niya alam na pag-uwi niya ay may iba na pala agad itong karelasyon.

Isang lalaking hindi na kailangan pang mag-abroad para kumita ng malaki-laking pera dahil galing ito sa maperang pamilya. Para siyang sinikmuraan sa pakiramdam niya noon. Tuloy, imbes na maghanap ng panibagong trabaho ay napabarkada siya at naging karamay niya ang alak.

Ang tagal bago niya nalagpasan ang sakit na dulot niyon. Halos naubos ang lahat ng savings niya mula sa pag-a-abroad. Hindi na rin siya pinilit ng panganay nilang si Janet na nasa Australia at ng bunso nilang si Jeddah na magtrabaho pa. Lalo't pareho namang nasa abroad ang mga ito. Sa halip ay binilhan na lang siya ng mga ito ng tricycle nang sa ganoon ay iyon na rin ang pagkunan niya ng pangkabuhayan.

Ganoon pa man, ramdam ni Jefferson ang panghihinayang ng mga ito sa kanya. Kahit hindi man nila iyon direktang sabihin. Pakiramdam ng mga ito ay matutulad siya sa isang tiyuhin at pinsan niyang hindi na naka-recover pa dahil sa heartbreak. Tumatanda na nga naman kasi siya pero hanggang ngayon ay wala pa ring maayos na direksyon ang buhay niya.

Ewan ba niya. Kahit siya ay hindi rin maintindihan ang takbo ng pag-iisip niya. Ang buong akala nga niya ay hindi na siya muling magkakainteres pa sa babae. Pero hindi niya basta-basta maitaboy ang nararamdaman para kay Sherry. Talagang pinukaw nito ang interes niya.

Magmula nang makita niya ang mukha nito sa airport nang gabing iyon na namumugto ang mga mata, marahil ay sa kaiiyak, hanggang sa mga larawan nito kasama si Jeddah, at maging sa mga naririnig niyang kwento ng kapatid tungkol sa mga kaibigan nito kapag nagbi-video call sila. At ngayon nga ay hindi niya mapigilan ang sariling magpahaging dito. Nasisiguro kasi niyang kapag sa personal ay aatakehin na siya ng pagkatorpe niya. Nai-imagine pa lang niya na nasa harapan niya ito ay nangingiti na siya sa tuwa.

Para kang hindi magti-treinta y sais sa ikinikilos mo, Jeff. Napailing-iling na lang siya at mayamaya pa ay pumikit na.



Sinusubukang magsulat ni Sherry nang gabing iyon. Bago pa man siya umuwi galing Kuwait ay napagdesisyunan na niyang ipagpatuloy ang pagiging freelance writer sa isa sa pinakamalaking publishing houses sa Pilipinas. Kaya naman hindi na muna siya nag-apply pa ng full-time job. Sa halip, naghanap na lang muna siya ng maaaring maging part-time na homebased job nang sa gayon ay mas mapagtuunan niya ng oras at pansin ang pagsusulat. Isa rin kasi sa mga pangarap niya ang maging isang sikat na writer.

Napabaling ang atensyon niya sa cellphone na nasa gilid ng laptop niya nang umilaw iyon. Nang tingnan niya ay may message pala siya mula kay Jefferson. Nagdadalawang-isip siyang buksan iyon. Nalalapit na kasi ang pagpunta niya kina Jeddah at ayaw niyang maging sobrang awkward silang dalawa. Gusto sana niyang maging normal lang ang trato nila sa isa't isa pagdating niya roon. At mahihirapan silang gawin iyon kung magpapatuloy ito sa pagpaparamdam sa kanya kagaya ng ginagawa nito ngayon.

Isa pa ay ayaw niyang maging paasa. Alam na nga niyang galit si Jeddah sa ex ng kapatid nito dahil tila pinapaasa pa nito si Jefferson sa pamamagitan ng pag-cha-chat sa binata. Gagaya pa ba siya?

Oo na, crush na niya ito kung crush. Pero natitiyak ba niyang kaya niyang suklian ang nararamdaman nito sakaling ituloy nito sa panliligaw ang ginagawa nitong pagpaparamdam sa kanya?

Hindi pa buo ang pagkakakilala niya kay Jefferson pero marami na rin siyang alam tungkol dito mula sa mga ikinukuwento ni Jeddah sa kanila sa tuwing napag-uusapan nila ang kanya-kanyang pamilya.

Mula nang maghiwalay ito at ang huling naging girlfriend nito ay tila ba hindi na raw ito nakapag-move on. Hindi na ginanahang magtrabaho. At palagi na lang na nasa bahay. Kung hindi man sa bahay ay napapainom ito kasama ng mga kaibigan. Binilhan na nga lang daw ito nina Jeddah at ng Ate Janet nila ng tricycle at nang iyon na lang din ang maging hanap-buhay nito. Pero kahit ang pamamasada ay hindi rin daw nito siniseryoso. At hindi iyon magandang senyales para sa kanya.

Beinte-ocho anyos na siya. Hindi na rin siya bumabata. Wala siya sa edad para makipaglaro lang o magkipagsubukan pa. Tatlong taon na nga ang lumipas mula nang huli niyang relasyon dahil ayaw na niyang pumasok sa isa pa na hindi niya nakikita nang maliwanag kung maaari niya iyong makasama habambuhay.

Isang lalaki na kaya siyang panindigan at ang magiging pamilya nila. Someone she could finally rely on. Dahil pagod na rin siya na parating siya ang ginagawang sandalan. Nais niyang sa susunod na relasyon niya, siya naman ang may masasandalan kapag pagod na siya o kapag gusto niyang ipahinga ang kanyang puso't isipan.

Hindi naman siguro kalabisan kung isipin na

rin niya ang sarili niya, di ba? Because she'd been preparing herself as well to be the right one for that right guy all along. She knew that she had a lot more to offer. Hindi na rin lugi sa kanya ang mapapangasawa kung saka-sakali. Maano bang maging handa rin ito para sa kanya at sa papasukin nitong bagong yugto ng buhay nila?

Umilaw muli ang kanyang cellphone. Huminga siya nang malalim saka binuksan iyon.

Good evening. Ang chat ni Jefferson sa kanya.

Madaling araw na po.

Iyon ang reply niya matapos i-check ang orasan. Ala una na.

Siya nga. Ba't gising ka pa?

Nagsusulat po kasi.

Ah, iyon ba iyang sa pocketbooks?

Opo.

Sa'n galing ang inspirasyon mo niyan?

Magta-type na sana si Sherry pero natigil siya nang may natanggap muling message dito.

May bf ka ba?

“Ayan ka na naman Kuya, eh...Di ko na tuloy malaman kung papaanong pagpansin ang gagawin ko pag nagkaharap na tayo. Hay...”

Wala po.

Wala kang bf? Bakit? Eh ang ganda mo naman.

Huwag po kayong magpapaniwala masyado sa pictures at may Camera 360 po. Enhanced lang po

iyang mga iyan.

Di ka naman siguro nagpa-Camera 360 no'ng nakita kita sa airport?

Natawa si Sherry sa biro nito. Pero pinanindigan na niya ang kanyang desisyon.

Ay siya nga po pero hindi naman po kasi porke't maganda eh automatic na may bf na agad.

Sabagay... Pero nagtataka talaga ako. Wala bang nanliligaw sa'yo diyan sa inyo? Bulag ba ang mga taga-Davao?

Meron naman po. Pero hindi po porke't may nanliligaw eh sasagutin na.

Mukhang may halong inis na iyong reply mo sa 'kin ah. Nakukulitan ka na po ba? Pasensya na talaga. Ako'y humahanga lang talaga.

Medyo naiilang lang po kasi...Naiisip ko po kasi ang pagpunta ko diyan sa inyo. Baka po sobrang awkward na tuloy natin dahil dito sa chat.

Sorry...

Hindi na alam ni Sherry kung ano ba ang tamang i-reply sa paghingi nito ng tawad. Sa huli ay pinili na lang niyang huwag na itong *reply*-an pa. Mas mabuti na sigurong isipin nitong suplada siya nang sa gayon ay tigilan na siya nito. Para maging maayos ang pagpunta niya sa mga ito.



Nagpadalang muli ng chat si Jefferson kay Sherry

pero hindi man lang iyon *s-in-een* ng dalaga. Siguro ay talagang nakulitan na ito sa kanya.

Basted ka lang talaga, Jeff, pang-aasar pa sa kanya ng bahagi ng isip niya. At talaga namang tinablan din siya.

“Eh, di basted. Sana’y naman akong mag-isa,” maktol pa niya. Pero sa totoo lang ay tila may nararamdaman siyang kaunting kirot sa puso dahil sa pang-iisnab nito sa kanya. “Sabagay, p’ano naman niya ako gugustuhin, eh, bukod sa ang layo ng agwat ng edad namin, eh, wala pa akong maayos na hanap-buhay. Sa edad kong ’to...” pagsi-self-pity pa niya.

At kailan ka pa natutong mag-self-pity, Jeff? Di ba’t okay lang sa ’yo na ang mga kapatid mo lang ang sumusuporta sa inyo ng Inay at Itay mo? dagdag pambubwisit pa ng parteng iyon isipan niya.

Napabuntong-hininga siya saka padaskol na tumayo. Tinungo niya ang kinapaparadahan ng kanyang tricycle. “Makapamasada na nga lang. Pandagdag na rin sa birthday party ang kikitain nito,” aniya saka pinaandar ang naroong tricycle niyang matagal-tagal na rin niyang hindi naipapasada.

Ewan ba niya pero parang may nagtutulak sa kanyang kumilos. Dati-rati naman ay sanay siyang tumanggap lang ng padala mula sa mga kapatid. Pero ngayon ay parang gusto niyang muling ibangon ang pride niya.



Kaarawan ni Jefferson. Ang daming bumati sa *Facebook* pero iisa lang ang talagang hinihintay niyang bumati sa kanya. Tiningnan niya ang chatbox nila pero wala pa ring nakalagay na *seen* sa huling message na ipinadala niya rito.

“Siguro ay ayaw na talaga akong pansinin...” mahinang saad niya habang nalulungkot na nakatingin sa kanyang cellphone. Ngayon pa lang ay tanggap na niyang basted siya rito. Ganoon pa man, hindi niya pa rin maiwasang malungkot. Hindi pa man sila nagkakilala nang lubusan ay nasasaktan pa rin siya. Hindi kasing-sakit noong iniwan siya ng ex niya pero hindi rin niya akalaing dadamdamin niya nang ganito ang pang-iisnab sa kanya ni Sherry.



Samantala, nagdadalawang-isip si Sherry kung babatiin o hindi si Jefferson sa birthday nito. Nabasa kasi niya ang posts ng Ate Janet at ni Jeddah sa *Facebook* wall nito. Parehong hiniling ng dalawa na sana ay magka-girlfriend na ito. At hindi lang iyon, sana raw ay sa loob na mismo ng buwang iyon. Kung hindi ba naman talagang siya ang ibig sabihin ng mga ito. Alam din kasi ng Ate Janet ni Jeddah na pupunta siya sa Laguna sa linggong iyon. Kaya siguro ganoon na lang ang sinabi nito sa birthday greeting kay Jefferson.

Napabuntong-hininga na lang siya. “Di bale na nga lang. Pagdating ko na lang sa inyo ko ikaw

babatiin,” aniya habang nakatingin sa profile picture ng binata nang may bahayang ngiti sa mga labi.



Araw ng pagpunta ni Sherry sa Laguna. Sa taxi pa lang patungong Davao airport ay kinakabahan na siya nang bahagya. Paano kaya ang magiging pagtrato nila ni Jefferson sa isa’t isa? Magparamdam kaya ito ulit sa kanya? Ano ang gagawin niya kung sakali?

“Hay... Ang laki ng problema mo, Sherry Yu. Get a grip of yourself, will you?” pagkausap niya sa sarili habang nasa loob ng taxi.

Ang sabi ni Jeddah sa kanya ay huwag na raw siyang mag-alala dahil natitiyak daw nitong hindi na *poporma* ang kapatid nito kapag nasa harapan na siya. Paniguradong matatameme na raw iyon. At iyon na lang ang pinanghahawakan niya. Dahil hindi niya talaga alam ang gagawin sakaling ituloy nito sa panliligaw ang pagpaparamdam sa kanya.

Wala pa naman siyang tiwala sa sarili dahil alam niyang madali lang mahulog ang loob niya. Siya ang tipo ng babaeng konting pagpapakita ng kagandahang-loob, ng paglalambing, paglalaan ng oras at tiyak na muhuhulog na siya. Ang laking problema noon kung sakali. Sabi pa naman niya sa sarili ay huli na ang naging dalawang ex sa pagiging tanga niya sa pag-ibig.

“Whoo! Kaya ko ’to!” pagpapalakas na lamang niya sa loob nang nasa eroplano na siya.

“Madaaam!” sigaw ni Jeddah nang makita na siya nito sa NAIA. Ganoon din kalakas ang ginawa niyang pagtili nang yakap-yakap na niya ang kaibigan.

“Long time no see. Ang sexy mo na, ah!” puri ni Sherry kay Jeddah. Palibhasa ay pareho silang tumaba sa Kuwait at pareho rin nilang ginustong magpapayat. Updated na updated pa nga sila sa timbang ng isa’t isa.

“Naman! Siyanga pala, si Hobi. Hobi, ito naman si Madam. Si Sherry,” Pagpapakilala nito sa long-time boyfriend nitong si Ritchie. Ang Hobi ay nagmula sa pinaikling *habibi* na endearment sa Arabic.

Nagbatian nga silang dalawa at sa taxi pa lang papuntang sakayan ng bus papuntang Laguna ay naging magka-vibes na rin silang dalawa ni Ritchie. Madali rin kasi itong kausap. Mahusay makisama. Naisip tuloy ulit ni Sherry si Jefferson. Na-e-excite siya sa pagkikita nila na kinakabahan na namomroblema na ewan.



“Madam, welcome to our mansion!” Nagagalak na sabi ni Jeddah sa kanya nang narating na nila sa wakas ang bahay ng mga ito.

“Magandang gabi po,” bati ni Sherry sa ina ni Jeddah na nakaupo sa terasa. Sadyang hinihintay sila.

“Magandang gabi rin, ineng. Halika, tuloy ka!” ganting-bati naman ni Nanay Annie sa kanya.

Ngiting-ngiti pa sana si Sherry pero bigla siyang naging conscious nang lumabas ang taong hindi niya

malaman kung gusto niyang makita o hindi.

“Andito na pala kayo,” sabi ng sumalubong na rin sa kanilang si Jefferson na bahagya lang ang pagkakangiti at tila nahihiya.

“Hi! Belated happy birthday!” aniyang bahagya lang din ang ngiti sa mga labi.

“Salamat. Halika, pasok.”

Ganoon nga ang ginawa ni Sherry. Umupo siya sa sofa sa sala kung saan nakabukas na ang TV.

“O, heto’ng tsinelas.” Inilagay nito iyon sa tabi ng paa niya. Tipid siyang nagpasalamat nang hindi na tumitingin pa sa mukha nito. Mayamaya pa ay may electric fan na ring nakaharap sa kanya. Nagpasalamat ulit siya. Gusto niyang sabihin ditong huwag na siya masyadong alalahanin at nahihiya lang siyang lalo.

Nang dumaan ulit si Jeddah sa sala ay agad niyang tinawag ang pansin nito. “Madam, iyong kape please?”

“Ay, siya nga. Sandali. Inay Annie! Kape daw sabi ng matanda,” pang-aasar ni Jeddah sa kanya na pinalagpas na lang niya. Hindi na siya nakipag-asaran pa rito dahil naiilang siya sa presensya ni Jefferson.

Nakaupo ang binata sa *sofang* nakaharap sa kanya at panaka-naka siyang tinitingnan.

CHAPTER *Three*

“Magkakape ka?” tanong ni Jefferson sa kanya. Napilitan tuloy siyang ibaling ang tingin dito. “Oo. Medyo nahilo kasi sa biyahe.” Kasing-ikli ng sagot niya ang pakikipag-eye contact niya rito. Ibinaling niya agad sa TV ang kanyang mga mata pagkatapos.

“Natagalan nga kasi kayo sa biyahe. Inabot na kayo ng gabi ay.”

“Oo nga. Inabot kami ng traffic, eh.”

“Eh, di gutom ka na. Kumain ka kaya muna ng—”

“Hay naku! Huwag mo nang pakainin iyan, Okim,” sansala ni Jeddah kay Jefferson. *Okim* ang palayaw ng binata. “Idedere-derecho na niya ang pagkain sa *Isdaan*,” tukoy nito sa restaurant sa

Calauan, Laguna na pupuntahan daw nila nang gabing iyon mismo.

Pinlano na talaga ni Jeddah iyon. Nakasulat na iyon sa itinerary na ginawa nito para sa pagbabakasyon niyang iyon sa mga ito.

“Sigurado ka okay ka pa?” nag-aalalang tanong ni Okim sa kanya.

“O-oo, oo. O-okay lang naman ako. Gusto ko lang talaga munang mainitan ang sikmura ko bago bumiyahe ulit. Sabi kasi ni Madam, eh, mga twenty to thirty minutes pa raw ang biyahe papunta roon sa restaurant.”

Walastik! Natitigan ka lang ng may pag-aalala ang mukha ay nabulol ka na? asik ni Sherry sa sarili.

Kung bakit kasi nakipagtitigan din siya rito? Kahit saglit na saglit lang iyon ay ang dami na agad niyang napansin. Kahit may suot itong salamin ay hindi pa rin naitago niyon ang magaganda nitong mga mata. Bilugan ang mga iyon at mapupungay. Nakadagdag pa nga sa appeal nito ang suot nitong eyeglasses. Deep ang dating niyon.

At kahit hindi ganoon katangos ang ilong nito ay maayos pa rin na tingnan iyon. Ang mga labi nito ay maganda ang pagkakakorte. Hindi gaanong manipis at hindi rin sobrang makapal. Kumbaga, saktong-sakto lang. Medyo pangahan din ito na nakadagdag sa lalaking-lalaking appeal nito. At ang Adam's apple nito...*Hay*. Weakness pa naman niya iyon sa mga

kalahi ni Adan.

“Siya nga. O baka gusto mo munang mahiga saglit? Jeds, papasukin mo muna si Sherry sa kwarto n’yo.”

“Hay! Ang daming arte ay!” nang-iinis na pahapyaw ni Jeddah sa kanya na inirapan niya. Sumunod nga siya rito sa kwarto.

“Buksan mo ang aircon,” sabi pa ng binatang nandoon lang banda sa pintuan ng kwarto.

“Ah, h-hindi na. Okay na ’ko sa electric fan. Thank you.” Tipid niya itong nginitian.

“Okay.”

Nang makaalis na ito sa pintuan ay komportable nang nag-indian sit si Sherry sa kama saka kumagat sa *t-in-ake-out* nilang cheeseburger galing *McDo*. Biglang sumulpot ulit si Jefferson doon.

“Bag mo.” Iniabot nito sa kanya ang blue shoulder bag na naiwan niya sa sofa sa sala.

“T-thank you,” nahihiyang sabi na lamang niya. Tipid siyang nginitian nito at lumabas na ng kwarto.

“Madam?” tawag-pansin niya kay Jeddah pagkaraan.

“O?” Lingon nito sa kanya mula sa pag-aayos ng toiletries niyang inihanda nito at ipinatong na sa ibabaw ng kama.

“Baka pwedeng pasara muna ng pinto?”

“Bakit?” Kunwari ay nagtataakang tanong nito.

“Nahihiya ako, eh.” Hininaan niya ang boses

pagkasabi niyon.

Nag-make-face si Jeddah sa kanya. “Ang arte!” reklamo nito na may kahalong panunukso pero pinagbigyan din ang hiling niya sa huli.

Matapos niyang ubusin ang kape ay umalis na nga sila at tinungo ang van ng mga ito na siyang sasakyan nila papuntang *Isdaan Floating Restaurant and Fun Park*. Ang Tatay Odie ng mga ito ang magmamaneho. Matapos ang pagpapakilala sa kanya kay Tatay Odie ay bumiyahe na sila.

Mabuti na lang at tinabihan ni Jeddah si Sherry sa upuan at sa likurang bahagi nila nakaupo si Jefferson. Kung di ay talagang makukurot niya ang kaibigan kung ipinatabi nito sa kanya ang kuya nito. Puro panunukso pa naman ito noong nag-cha-chat pa lang silang magkakaibigan habang papalapit na ang pagpunta niya sa Laguna. Kesyo sana raw ay magkaigihan sila ng kapatid nito, bagay na hindi niya pinapatulan dahil nga ayaw niyang umasa ang mga ito. Pero kahit panay ang panunukso nito ay batid niyang alam na ni Jeddah ang mga katangiang hinahanap niya para sa susunod niyang makakarelasyon.

Pagkarating nila sa *Isdaan* ay agad na inilibot ni Sherry ang kanyang mga mata sa paligid. Nauna nang pumasok sina Nanay Annie at Tatay Odie doon. Isang tulay na gawa sa kawayan ang sumalubong sa kanila pagpasok nila. May dalawang malalaking

poste sa magkabilang gilid niyon na may ilaw at may dalawang malalaking estatwang magkaharap, magkadaop ang mga palad na tila nananalangin.

Nang tuluyan na silang makapasok ay mas marami pa palang ganoong uri ng estatwa roon at may mas malalaki pa nga. Naging kakaiba tuloy ang dating ng restaurant. Para silang nasa ibang bansa kagaya ng sa Thailand dahil sa mga iyon.

May mga estatwa rin ng cartoon characters, buddha, sirena, gorilla, at mga sikat na tao kagaya na lamang nina Barack Obama, Cory Aquino at Erap Estrada. Festive ang ambience ng restaurant. Paniguradong pinag-isipan nang mabuti at pinagkagastusan ang pagkakagawa niyon, at hindi iyon kataka-taka dahil ang nagmamay-ari ng naturang restaurant ay ang mayamang pamilyang Ongpaucó. Tama nga ang sinabi ni Jeddah na isa iyon sa tourist attractions ng Laguna.

Maraming magkakahiwalay na floating cottages na kainan, kaya lang ay hindi iyon pinabuksan ng management ng panahong iyon. Kaya doon na sila pumuwesto sa pangmaramihan kung saan may ilang grupo nang kumakain. Pagkaupo nila ay patuloy na inobserbahan ni Sherry ang paligid.

“In fairness, Madam, ha? Ang ganda rito,” aniya kay Jeddah pagkuwan. Pinatabi niya ito sa kanya sa bandang kanan. Samantala, katabi nito si Ritchie at sa tabi ng huli umupo si Jefferson kaya nakahinga

siya nang maluwig.

“Siyempre naman, ’no? Ano pa ba’ng ini-expect mong pagdadalhan ko sa ’yo? Dapat sa maganda lang. Sinasabi ko naman sa ’yo, pinaghandaan ko ang pagbisita mo sa ’min,” proud na proud pang saad nito.

“Lukaret ka talaga,” natatawang tugon niya. “Oo na. Na-appreciate ko naman ang pa-red carpet mo, pa-banda at pa-banderitas sa pagdating ko,” sakay niya sa pagbibiro nito.

“Madam, ano nga pala’ng gusto mong *orderin*?” baling sa kanya ni Jeddah mula sa tinitingnan nitong menu.

“Kayo na’ng bahala. Pero pwede bang magpahatid ka muna ng soft drinks?”

“Ano’ng soft drink ba ang gusto mo?”

“*Sprite*, please.”

“Okay—” Akmang tatawag na ito ng waiter pero nauna na palang tumawag ng waiter si Jefferson.

“Pakiuna na muna ng isang *Sprite*, pare,” sabi nito sa waiter.

Tiningnan siya nang nakakaloko ni Jeddah na may halo ring nakakalokong ngiti kaya nakurot niya ito sa tagiliran. Mayamaya pa nang napansin niyang hindi pa rin naihahatid ang *Sprite* na pinauna nila ay umungot ulit siya kay Jeddah.

“Madam, ba’t wala pa iyong *Sprite*?”

“Saglit. Uhaw na uhaw ka na бага?”

“Hindi naman, kaso nahilo nga kasi ako sa biyahe

kanina. Parang gusto ko ng acid sa sikmura ko at baka medyo magising ang pakiramdam ko. Glucose na rin at mukhang nauubusan na ako ng energy, eh.”

Bago pa man magtawag ng waiter si Jeddah ay nakatayo na ang kapatid nito at tila tinungo ang waiter na medyo malayo sa kanila. Pagkabalik ay kasabay na nito ang waiter na may dalang *Sprite* in can at baso. Binuksan iyon ni Jefferson saka inilagay sa baso.

“O, ’ayan, Shee. Uminom ka na at nang bumuti-buti naman ang pakiramdam mo.”

“Thank you,” nahihiyang saad niya nang hindi man lang makatingin dito.

Kung bakit ba kasi parang siya pa itong mas nahihiya rito? Ito ang lumandi sa kanya sa chat, di ba? Bakit ba siya ang masyadong affected?

Sinasabi ko na nga ba’t hindi talaga maganda ang resulta ng ginawa niyang pangungulit sa ’kin sa chat, eh! paninisi niya rito sa loob-loob niya.

Hindi kasi siya normally mahiyain kapag ipinapakilala siya sa pamilya ng mga kaibigan. Sa tuwina ay sinusubukan niyang maunang makipag-usap sa lahat ng miyembro niyon para hindi na mahirapan pa ang mga itong pakisamahan siya. At ngayon ay hindi niya iyon magawa sa kapatid ni Jeddah na si Jefferson dahil nga naaalala niya ang mga pinagsasabi nito sa kanya sa chat.

Ano, aarte na lang ba siya basta na kunwari ay

hindi ito nagpahaging sa kanya? Hindi ba siya parang ewan no'n?

Hay...Ewan!

Babalik na sana sa upuan nito ang binata nang sawayin ito ni Jeddah.

“Okim, diyan ka na umupo sa harap at sina Itay at Inay lang ang nandiyan. Apat na tayo dito kung dito ka pa sa side namin ay. Hindi na balanced.”

“O siya, sige.” Lumipat nga ito sa harap at sa malas ay sa harap ni Sherry ang binakanteng upuan ni Inay Annie. Panay lingon tuloy sa kanan si Sherry. Animo siya nagka-stiff neck maiwasan lang na mapunta ang tingin niya sa harap dahil nga nandoon ang binata. Nag-iinit ang batok niya dahil ramdam na ramdam niya ang pagtitig nito sa kanya kapag hindi siya nakatingin dito.

Kuuu! Matutunaw na po ako, Kuya!

Matapos mailapag ang mga *in-order* nilang pagkain kagaya na lamang ng sinigang na baboy, crispy pata, at tinupig, ay nagpakuha na sila ng picture sa waiter. Pagkatapos ay nagsimula na silang kumain.

Natuwa si Sherry sa maliliit na kalderong nilagyan ng kanin. Ang kyut tingnan niyon. Kakaiba. Inilapag ni Jefferson ang isa niyon sa tabi ng plato niya.

“O Shee, kanin.”

“Thank you.”

Mayamaya ay inilapit din nito sa kanya ang sinigang na baboy. “O sumandok ka na ng sabaw

habang mainit pa.”

“Sige.” Ang ikli ng mga sagot niya dahil mas lalo lang siyang nahihiya sa pagbuhos nito ng atensyon sa kanya. Sumandok siya ng sabaw at sinalinan na rin niya ang mga katabi niya. Mayamaya pa ay nilagyan ni Jefferson ng tinupig ang plato niya. Akmang dadagdagan pa nito iyon kaya pinigil na niya ito.

“O-kay na ’to,” aniya pero hindi ito nagpapigil. Dinagdagan talaga nito ang inilagay sa plato niya. “Thank you,” nakangiting nahihiyang sabi na lamang niya.

“O crispy pata, hindi ka yata kumuha?” pagkuwa’y pansin na naman nito.

“Mayamaya na lang. Puro kasi karne, eh.” Uminom ulit siya ng *Sprite*. Nang mapansin marahil nito na ubos na niya iyon ay tumayo ito at inabot ang pitcher ng buko juice na *in-order* nila.

“Eto, buko juice. O gusto mo pa ba ng soft drink?”

“A-ah, h-hindi.” Mabilis siyang umiling-iling. “Okay na ’tong buko juice. Thank you.”

Sherry, pwede ba? Para kang tanga. Thank you ka nang thank you! buska sa kanya ng isang bahagi ng isip niya.

Eh, ano pa ba kasi’ng pwede kong sabihin? Sa bigay siya nang bigay ng kung anu-ano sa ’kin, eh! pagtatanggol niya sa sarili na parang nababaliw na.

Saglit silang nag-usap pagkatapos na kumain. Partikular na siya at si Inay Annie. Pinag-uusapan

nila ang pagkakaroon nito ng high blood pressure at ang mga gamot na iniinom nito bilang maintenance. Magiliw ang naging palitan nila ng usapan at sa buong durasyon niyon ay nakikita ni Sherry sa kanyang peripheral vision na nakamasid lang sa kanya si Jefferson.

Para tuloy gusto na niyang maglaho sa kinauupuan. Nakakalaglag-panty kasi ang pagtitig nito. Seryoso ang dating ng mukha nito kahit may bahagyang ngiti sa mga labi. Para bang masusi nitong pinagmamasdan ang pagmumukha niya at ang lahat ng kilos niya.

Kung noong panahon lang na medyo bata-bata pa siya at hindi pa gaanong seryoso sa buhay ay papatulan niya talaga ito hanggang sa ito na mismo ang mahiya sa kanya. Pero iba na ngayon. Twenty-eight na siya. Hindi siya pwedeng basta-basta na lang magpadala sa kilig na nararamdaman dahil lang sa atensyon na ipinapakita sa kanya ng binata. She had to remind herself that or else...

Mayamaya pa ay tumayo na silang lahat para umuwi. Pero syempre bago iyon ay nag-picture-taking muna sila roon.

“O, *groufie* muna kayo riyan.” ani Ritchie habang hawak nito ang cellphone ni Jefferson na siyang ginagamit ni Jeddah na pangkuha nila ng pictures simula pa kanina.

Talagang ipinuwesto ni Jeddah sa gitna ang kapatid

nito kaya napapagitnaan nila ito ngayong dalawa.

“O, closer naman,” sabi pa ni Ritchie. At hindi pa talaga ito nakontento. “Akbyan mo naman sila, Kuya, para masayang tingnan,” sabi nitong ngiting-ngiti.

Dinuro ni Sherry ng hawak na pamaypay ang boyfriend ni Jeddah bilang pagbabanta pero tinawanan lang siya nito. Hindi nga nagtagal ay naramdaman na ni Sherry ang dulo ng mga daliri ni Jefferson sa braso niya malapit sa may balikat. Pero hindi iyon halos dumikit doon at tila nanginginig pa nga ang mga iyon kaya natawa na lamang siya rito. Natawa na naawa. Siguro ay napansin nitong hindi niya ito gaanong kinakausap kaya tuluyan na itong nahiya sa kanya.

Ano ba, Sherry? Iiwasan mo ba talaga? Kaaawaan? O itutuloy mo iyang lihim na kilig na nararamdaman mo? tanong sa kanya ng bahaging iyon ng isip niya.

Hay... Ewaaan!

Naguguluhan na siya.